

Patient Education

Mga Pagsusuri para sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19)

You must carefully read the "Consumer Information Use and Disclaimer" below in order to understand and correctly use this information

Bakit ginagawa ang operasyong ito?

Ang coronavirus disease 2019 ay kilala rin bilang COVID-19. Sanhi ito ng virus na tinatawag na SARS-associated coronavirus (SARS-CoV-2). Maaaring mag-utos ng mga pagsusuri ang mga doktor upang malaman kung nahawahan ka ng COVID-19 sa kasalukuyan. Maaari din silang magsagawa ng pagsusuri upang malaman kung nagkaroon ka ng COVID-19 dati.

Mahalagang maunawaan ang uri ng pagsusuring ginagawa sa iyo. Gumagamit ang mga doktor ng pagsusuri para sa virus upang malaman kung mayroon kang COVID-19. Pinakamadalas na gumagamit dito ng swab sa ilong o lalamunan. Ang pagsusuri sa dugo ay isa pang uri ng pagsusuri para sa COVID-19 upang malaman kung gumawa ng mga antibody laban sa virus ang iyong katawan. Kung mayroon kang mga antibody, nangangahulugan ito na nagkaroon ka dati ng virus.

Anu-ano ang magiging kalalabasan?

Pagsusuri para sa Virus (Swab sa Ilong o Lalamunan):

- Titingnan ng doktor ang mga resulta ng iyong pagsusuri. Maaaring mapag-alaman ng doktor na mayroon kang mga senyales ng karamdaman. Maaaring mabilis na mahawahan ng sakit na ito ang iba pang tao o maaaring mas tumaas ang panganib na lumubha ang sakit mo.
- Kung positibo ang mga resulta, ibig sabihin nito ay mayroon kang aktibong impeksiyon. Maaari kang makaranas o hindi makaranas ng mga sintomas ng sakit.
- Kung negatibo ang mga resulta, pinakamalamang na hindi ka nahawahan sa panahon ng pagsusuri sa iyo. Maaaring mula sa iba pang uri ng sakit ang iyong mga sintomas. Hindi ito nangangahulugan na hindi ka na posibleng mahawahan ng COVID-19.

Pagsusuri sa Dugo (Pagsusuri para sa Antibody):

- Titingnan ng doktor ang mga resulta ng iyong pagsusuri.
- Kung positibo ang mga resulta, ibig sabihin nito ay may panahong nahawahan ka ng COVID-19. Maaaring hindi ka tinatablan ng sakit, pero hindi alam ng mga doktor kung protektado ka mula sa pagkakasakit ulit o kung gaano iyon katagal.
- Kung negatibo ang mga resulta, ibig sabihin nito ay hindi gumawa ng mga antibody ang iyong katawan laban sa COVID-19. Pinakamadalas na nangangahulugan ito na hindi ka nagkaroon ng impeksiyon. Maaari ding nangangahulugan ito na nagkaroon ka ng impeksiyon kamakailan at hindi na nagkaroon ng panahong gumawa ng mga antibody ang katawan mo.

- Nakakatulong ang pagsusuring ito sa mga opisyal ng pampublikong kalusugan na masubaybayan ang sakit. Hindi ito gaanong kapaki-pakinabang sa pagtukoy kung mayroon kang aktibong impeksyon.

Ano ang mangyayari bago ang operasyon?

- Walang gagawing mga espesyal na bagay bago ang pagsusuri.
- Kausapin ang iyong doktor tungkol sa:
 - Lahat ng ginagamit mong gamot
 - Kung mayroon kang anumang problema sa pagdurugo

Ano ang nangyayari habang isinasagawa ang operasyon?

Tatagal lang nang ilang minuto ang pagsasagawa sa pagsusuring ito. Gising ka sa buong pangyayari.

- **Pagsusuri para sa virus:** Magpapasok ang isang tauhan ng swab sa iyong ilong at ipapaikot niya ito sa paligid ng ilong. May ilang pagkakataon kung saan isa-swab ng tauhan ang parehong bahagi ng iyong ilong o lalamunan. Maaaring maging hindi kumportable ang pakiramdam nito ngunit tatagal lang ito nang ilang segundo.
- **Pagsusuri sa dugo:** Kukuha ang tauhan ng kaunting dugo mula sa iyo gamit ang isang karayom. Maaaring makaramdam ka ng kaunting pangingirot. Huhugutin ng tauhan ang karayom at maglalagay siya ng benda sa iyong balat. Kung minsan, tutusukin ng tauhan ang iyong daliri at kukuha lang siya ng kaunting dugo para sa pagsusuri.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng operasyon?

- Mainam kung tahimik kang uupo sa loob ng ilang minuto bago tumayo. Makakatulong ito para hindi ka mahilo pagkatapos ng pagsusuri.
- Kung isinagawa sa iyo ang pagsusuri sa dugo, diinan ng kabilang kamay ang bahagi kung saan itinusok ang karayom. Makakabawas ito sa pagpapasa at pagdurugo.
- Itanong sa iyong doktor kung kailan mo makukuha ang mga resulta.

Anong pangangalaga ang kailangang gawin sa bahay?

Kung sa palagay mo ay mayroon kang COVID-19 o kung nalantad ka sa isang taong mayroon nito, huwag lumapit sa iba sa loob ng hindi bababa sa 14 na araw.

Anong kasunod na pangangalaga ang kailangang gawin?

Maaaring hilingin sa iyo ng iyong doktor na magpatingin sa klinika para matingnan ang progreso mo. Tiyaking pumunta sa mga pagpapatinging ito.

Anu-anong problema ang maaaring mangyari?

- Pananakit
- Pagpapasa

- Pagdurugo
- Pagkahilo

Impormasyon sa Paggamit ng Mamimili at Pagtatatwa:

Ang impormasyong ito ay hindi partikular na payong medikal at hindi pamalit sa impormasyong nakukuha mo sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Isa lang itong maikling buod ng pangalahatang impormasyon. HINDI kasama rito ang lahat ng impormasyon tungkol sa mga kundisyon, karamdaman, pinsala, pagsusuri, procedure, paggagamot, therapy, tagubilin sa paglabas ng ospital, o paraan ng pamumuhay na maaaring naaangkop sa iyo. Dapat kang makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa kumpletong impormasyon tungkol sa mga opsyon mo sa kalusugan at paggagamot. Hindi dapat gamitin ang impormasyong ito bilang batayan ng pagtanggap o hindi pagtanggap sa payo, mga tagubilin, o mga rekomendasyon ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan lang ang may kaalaman at pagsasanay na magbigay ng payong naaangkop sa iyo.



© 2021 UpToDate, Inc. and its affiliates and/or licensors. All Rights Reserved.